Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 MARSO 1996, 9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG LIBTONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo O. Villamin - ABC President

Hindi Makadalo:

Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 029
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICER, DENR, CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA PAGKALOOBAN NG CERTIFICATE OF OWNERSHIP PARA SA LUPANG KINATATAYUAN NG MGA TAHANAN ANG MGA PAMILYANG NANINIRAHAN SA BAHAGI NG COMMUNAL FOREST SA SITYO DALAHICAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa isang bahagi ng communal forest sa Sityo Dalahican, Barangay San Jose ng bayang ito ay naninirahan ang mahigit sa isandaang pamilya na ang pangunahing hanapbuhay ay ang pangingisda;

SAPAGKA'T ang mga pamilyang ito ay mahigit nang labinpito o dalawampung taong naninirahan sa pook na itong inilaan sa kanila ng pamahalaang lokal at sa pagsisikap ay nakapagpatayo ng sariling tahanan at mga kagamitan sa paghahanapbuhay;

SAPAGKA'T higit na magiging makahulugan para sa ibayong pagsisikap ang sila'y pagkalooban ng certificate of ownership na magiging matibay na batayan ng posisyon sa nasabing lugal at sa ganito ay makapagbubuwis na sila na magiging karagdagang kita naman ng kabang-bayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T napagkaisahan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayang ito na hilingin sa Provincial Environment and Natural Resources Officer, DENR ang pagkakaloob ng sertipikong nabanggit sa mga pamilyang naninirahan sa bahagi ng communal forest sa Sityo Dalahican, Barangay San Jose bilang tulong at suporta ng pamahalaan sa mga programang pag-aangat ng kabagayang pang-ekonomiya ng ating mga mamamayan.